Magtayo ng Maayos na Balangkas

Pananaw

Ang Seattle Public Schools ay nakaambang maging isa sa pinakamagaling na distrito sa ating bansa, ngunit ang ating balangkas, kabilang ang mga proseso ng operasyon at mga sistema ng teknolohiya, ay isang balakid sa ating tagumpay. Dapat nating patatagin ang balangkas ng makapagbigay ng mataas na uri ng tulong at serbisyo sa bawat paaralan sa distrito. Kailangan natin ang madaling gamitin na sistema na makasasagot sa mga katanungan sa datos tungkol sa mga kakayahan at asignatura ng mag-aaral; kailangan natin ng mga sistema para madaling mag-aplay ng mga trabaho sa distrito; at kailangan natin ang mga kagamitan para ma-imonitor kung gumagasta tayo ng maayos at naaayon sa gusto nating mangyari.

Sa pagiging mas magaling sa teknolohiya at sa pamamagitan ng madalas na pagmomonitor ng ating mga programa at paggastos, ang Seattle Public Schools ay magiging mahusay na paaralang distrito na nakatuon sa ating gawain at sa ating kakayahan na magbigay ng mga matataas na uri ng serbisyo sa mga paaralan at mga mag-aaral.

Mga Pangunahing Bahagi

May ilang bahagi ang aming ipopokus sa taong ito.

Pagbabago at Pagsasapanahon ng mga Teknolohiya – Karamihan sa mga sistema ng kompyuter ay mula pa sa panahon ng 1970 at ang pagbabago ay napakahirap. Ito ay nakapagpapahirap sa atin na maiangkop sa pagbabago ng mga demograpiya, bagong pangangailangan ng transportasyon, o mga pagbabago ng teknolohiya sa pagtuturo. Ang pagbabago at pagsasapanahon ng ating mga teknolohiya ay magbibigay sa distrito ng makabagong impormasyon sa sistema ng teknolohiya na makapagbibigay sa atin na mapabilis at makasunod sa pabago-bagong pagkakataon.

Suriin ang Kahalagaan ng Programa – Ang Seattle Public Schools ay isang napakalaking organisasyon na may magagaling na programa. Gayunpaman, sa kasalukuyan ay wala tayong paraan na laging masusukat ang kahalagaan ng mga programa. Kailangan natin ang palagiang paraan para malaman kung ang ating program ay naabot ang dapat maabot ng sa gayon ay magamit ang mga nakukuhang yaman ng maayos. Sa mga susunod na taon, kasabay ng mga pagbabago sa proseso ng badget, tayo ay gagawa ng mga paraan para masukat ang kahagaan ng mga programa. Ito ay makakatulong na isa-target ang kakaunting tulong sa mga lugar na kung saan ito ay higit na kakailanganin ng ating mga mag-aaral.

Mga tanong para sa Pamayanan

- Ano pa ang gusto mong malaman?
- Ano ang hindi malinaw?
- Ano ang aming pagkukulang?
- Paano namin kayo pasasabihan tungkol sa o makakasali sa gawain?